
# Aralin 2 – Mga Paghahanda sa Panahon ng Baha





## Pakinggan Natin

Aling Nelya: Ano ba, Mareng Minyang? Bakit parang di ka mapakali?

Mareng Minyang: Aba! Di mo ba alam na umaapaw na naman daw ang ilog diyan sa ibayo? Kapag ganoon, tiyak na babahain na naman tayo, kaya naghahanda ako!

Aling Nelya: Ganoon ba? Naku! Bunso, huwag ka nang maglaba sa ilog. Baha na raw sa ibayo. Baka umapaw ang ilog ay malunod ka pa! Tulungan mo na lang akong maghanda ng mga gamit natin.

Bunso: Naku, buti't nabalitaan nyo! Sige po, Inay, tutulungan ko kayo.

## Pag-usapan Natin

# Mga paghahanda sa panahon ng baha

Patayin ang *switch* ng koryente.

Pakuluan ang tubig bago inumin.




Makinig sa mga balita o magbasa ng dyaryo.



Lumikas kung kinakailangan.



Siguraduhin ang tibay ng bahay.




Iwasang maglakad sa gitna
ng baha.



Gumamit ng lubid bilang
panali ng bahay.

# Basahin Natin




bagyo



hayop




ilog



ulan



bahay




lubid




alon




tanim




balsa



apaw



bundok




tulay

## Kilalanin Natin

A. Basahin ang mga pantig at salita.



bagyo
bag yo
b a g y o
bagyo




hayop
ha yop
h a y o p
hayop



ulan
u lan
u l a n
ulan




bahay
ba hay
b a h a y
bahay




alon
a lon
a l o n
alon




apaw
a paw
a p a w
apaw




tanim
ta nim
t a n i m
tanim



ilog
i log
i l o g
ilog




bundok
bun dok
b u n d o k
bundok



lubid
lu bid
l u b i d
lubid

B. Basahin ang sumusunod.

- May baha.
- kapag may bagyo
- Tumawid sa ilog.
- Nasira ang tanim.
- Namatay ang hayop.
- Hinila ang lubid.
- Lumikas sa bayan.



C. Basahin ang mga pangungusap.

Bumaha sa amin kahapon.


Lumikas kami sa bayan.

Nalunod ang aming kalabaw.

Nasira ang aming pananim.

Naanod ang aming bahay.

Wala na kaming tahanan.



## Tandaan Natin

**Mga Paghahanda sa Panahon ng Baha**

1. Pag-ukulan ng pansin ang mga babala mula sa awtoridad, radyo at TV.
2. Kung malapit sa ilog, lumikas kaagad sa mataas na lugar.
3. Talian ang mga pinto at bintana ng bahay.
4. Tukuran o suhayan ang bahay.
5. Putulin ang daloy ng koryente.
6. Lutuing mabuti ang pagkain.
7. Pakuluan ang iinuming tubig.
8. Iwasan ang paglabas ng bahay o pamamasyal.



## Subukin Natin


A. Isulat sa sagutang papel ang (√) tsek kung tama at (X) ekis kung mali ang pangungusap.

_______1. Putulin ang daloy ng koryente sa panahon ng baha.


_______ 2. Mangahoy sa tabing-ilog

_______ 3. Umigib ng inumin sa sapa o ilog.

B. Bilangin ang mga pantig ng bawat salita.




lubid




bulkan




apaw



bundok



ilog



orasan



## Isulat Natin

Bakatin sa sagutang papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| alon | tanim | balsa | bundok |
| tulay | apaw | dagat | tubig |
| hayop | bukid | kalabaw | daloy |
| bahay | bagyo | ulan | baha |

Gayahin sa sagutang papel.

alon

tanim

balsa

apaw

bundok

tulay



# Pag-aralan Natin (Pagsulat ng Bilang)

Gayahin ang mga bilang sa katapat na patlang.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 51 | 52 | 53 | 54 | 55 | 56 | 57 | 58 | 59 | 60 |
| halimbawa 51 | | | | | | | | | |
| 61 | 62 | 63 | 64 | 65 | 66 | 67 | 68 | 69 | 70 |
| | | | | | | | | | |
| 71 | 72 | 73 | 74 | 75 | 76 | 77 | 78 | 79 | 80 |
| | | | | | | | | | |
| 81 | 82 | 83 | 84 | 85 | 86 | 87 | 88 | 89 | 90 |
| | | | | | | | | | |
| 91 | 92 | 93 | 94 | 95 | 96 | 97 | 98 | 99 | 100 |
| | | | | | | | | | |




## Subukin Natin

Isulat ang mga nawawalang bilang sa sagutang papel.


| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 51 | | | 54 | | | 57 | 58 | | 60 |
| 61 | | 63 | | 65 | 66 | | | | 70 |
| 71 | 72 | | | | 76 | | 78 | | 80 |
| 81 | | | 84 | | | 87 | | | 90 |

## Alam mo na ba?


A. Isulat ang nawawalang pantig sa sagutang papel.




bun_ _ _



lu_ _ _




ta_ _ _




i_ _ _




ba_ _ _



tu_ _ _



ha_ _ _




u_ _ _



_ _ _yo

B. Panuto: Isulat ang mga bilang sa patlang ayon sa wastong pagkakasunod-sunod.




a. ________________

b. ________________

c. ________________

d. ________________

e. ________________

C. Isulat sa sagutang papel ang ginagawa mo kapag may baha.

| | | |
|---|---|---|
| 1. Nagpapakulo ng tubig na inumin. | | |
| 2. Namamasyal sa ilog o dagat. | | |
| 3. Nakikinig ng balita sa radyo/nanonood ng TV. | | |
| 4. Naghahanda ng kandila o plaslayt. | | |
| 5. Gumagamit ng lubid sa pagtawid sa malaking baha. | | |